Pangalan:________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula:_____________Petsa Nang Natapos:_____________Iskor:_______

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pananagutan ng Bawat Isa sa Pangangasiwa at Pangangalaga sa mga Likas na Yaman

I. Panuto: Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pananagutan?

   a. malakas na pagpapatugtog ng musika

   b. paghihiwa-hiwalay ng mga basura sa bahay

   c. hindi pagpansin sa tumutulong tubig sa gripo kahit puno na angtimba

   d. panonood sa mga kabataan na nagtatanim ng mga halaman sapamayanan

2. Bakit kailangang ipagpatuloy ang pagtatanim ng puno?

   a. dahil malaki ang naitutulong nito sa pangangalaga ng ating kapaligiran

   b. dahil madali lamang magtanim ng puno

   c. dahil malaki ang halagang kikitain kapag ipinagbili ang mga troso mula rito

   d. dahil ito ang gusto ng pamahalaan

3. Paano nakatutulong sa kagubatan ang pagsasagawa ng 3R?

   a. Maitatanim pa ang mga troso kapag hindi nagamit.

   b. Mababawasan ang pagputol sa mga puno para makagawa ng papel.

   c. Maitatanim muli ang mga pinutol na puno.

   d. Madaragdagan ang mga punong puputulin.

4. Bakit naglabas ng kautusan para sa ikabubuti ng pagmimina sa bansa?

   a. dahil kailangan ang mas maraming minahan

   b. dahil kakaunti ang nakukuhang mineral

   c. dahil kailangang mapalitan agad ang mga mineral na nakuha

   d. dahil ang mahahalagang mineral ay hindi napapalitan

5. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pakikilahok sa usaping pangkapaligiran?

   I. pagbubukod-bukod ng mga basura

   II. pagsasagawa ng tree planting activity

   III. pagtitipid sa papel, tubig, at koryente

   IV. pagsasanay ng kakayahan (skills training)

   a. I at IV      c. III at IV

   b. II at IV      d. I, II, at III

II. Panuto: Punan ang grapikong pantulong tungkol sa tamang pangangasiwa at pangangalaga ng likas na yaman. Gawing gabay ang halimbawa.

| WASTONG PANGANGASIWA NG LIKAS NA YAMAN |
|---|

**Mga dapat gawin**

Halimbawa: Pulutin ang mga kalat sa paligid.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Mga hindi dapat gawin**

Halimbawa: Huwag magputol ng puno.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________